



Mga Patnubay sa Artists at the Center 2025-2026

Pangkalahatang-tanaw ng Gawad

Ang Artists at the Center ay maraming taon na pagtutulungan sa pagitan ng [Opisina ng mga Sining at Kultura ng Seattle](#) at [Seattle Center](#), kasama ang suporta mula sa [Koalisyon ng mga Sining at Kultura sa Uptown](#) at sa mga komunidad na nakapalibot sa kampus ng Seattle Center. Ang programang ito ay naging posible sa pamamagitan ng 10 taong gawad na benepisyo sa komunidad mula sa [Climate Pledge Arena](#) at [Seattle Kraken](#), simula noong 2021.

Pinopondohan ng [Artists at the Center](#) ang mga indibidwal na alagad ng sining, samahang binubuo ng mga alagad ng sining, grupong komunidad, at organisasyon upang bumuo at magtanghal ng mga pop-up sa buong taon sa Seattle Center. Maaaring kabilang sa mga pansining na uri ang musika, sayaw, teatro, demonstrasyon, at multi-disciplinary work. Ang iskedyul ng mga pop-up ay gagawin sa pagitan ng Nobyembre 2025 at Setyembre 2026. Ang mga nagawarang kalahok ay makatatanggap ng \$2,000, \$4,000, o \$6,000 na pagpopondo batay sa laki ng alagad ng sining/grupo at pagiging komplikado ng saklaw. Ang mga ginawaran ng parangal mula sa kasalukuyang kapanahunan (2024-2025) ay hindi kalipikadong mag-aplay para sa paparating na 2025-2026 na season.

Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, mangyaring sumangguni sa [Mga Madalas Itanong](#) na ito, o makipag-ugnayan kay Zach Frimmel, na Tagapamahala ng Proyekto para sa Artists at the Center, sa (206) 963-9226 o Zach.Frimmel@seattle.gov.

Mayroon kaming mga tagasalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video). Tawagan lang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang saglit na paghinto habang naghahanap kami ng isang tagasalin na sasali sa tawag.

Aplikasyon

Isumite ang inyong aplikasyon online sa pamamagitan ng website sa paggawad ng Lungsod ng Seattle: https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new

Kung wala kayong access sa computer o internet, o may iba pang hadlang sa pag-aplay, makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Proyekto, na si Zach Frimmel, sa (206) 963-9226 o Zach.Frimmel@seattle.gov sa lalong madaling panahon. Kailangan ng Tagapamahala ng Proyekto ng hindi bababa sa (2) linggo bago ang takdang petsa ng pagtapos ng aplikasyon upang makapagpaunlak.

Takdang Petsa ng Pagtapos

Martes, Hunyo 17, 2025, 5 p.m. (Pasipiko)

Mangyaring magbigay ng sapat na oras para kumpletuhin at isumite ang inyong aplikasyon; ang mga aplikasyon na isinumite pagkalipas ng 5 p.m. (Pacific) na takdang panahon ng pagtapos ay hindi tatanggapin.

Karapat-dapat

Kayo ay kalipikadong mag-aplay para sa gawad na ito kung natutugunan ninyo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Kayo ay indibidwal na alagad ng sining, samahang binubuo ng mga alagad ng sining, organisasyon, o grupong naka-base sa komunidad na regular na nagtatanghal ng obra sa Seattle.
- Kayo ay nasa King County o unincorporated King County sa loob ng Washington State.
 - Ang mga organisasyon at mga indibidwal na alagad ng sining na kumakatawan sa mga komunidad na pinakaapektado ng sistematikong pang-aapi kabilang ang may mababang kita, mga taong may kapansanan, mga komunidad ng imigrante at refugee, at mga komunidad ng may kulay ay hinihikayat na mag-aplay.
- Kayo ay may numero ng ID para sa Federal Tax (Numero ng Social Security, ITIN, o Identification Number ng Empleyado) at naka-base sa, o may kasalukuyan at aktibong pagpoprograma sa loob ng, Lungsod ng Seattle.
 - Ang mga pangkat na nag-aaplay ay hindi kinakailangang maging isang 501(c)(3) na nonprofit, at hindi rin sila kinakailangang gumamit ng piskal na isponsor o piskal na ahente.
- Maaari lang kayong magsumite ng isang aplikasyon kada siklo sa programang ito.
- Hindi maaaring magsumite ng magkakahiwalay na aplikasyon para sa parehong pop-up ang grupo ng mga aplikante.
- Ang mga ginawaran ng parangal mula sa kasalukuyang kapanahunan (2024-2025) ay **hindi karapat-dapat** na mag-aplay para sa 2025-2026 na season.

Ang **inyong pop-up** ay kalipikadong mapondohan ng gawad na ito kung natutugunan nito ang mga sumusunod na pamantayan:

- Ang inyong pop-up ay magiging libre at bukas sa publiko sa isa sa mga kalipikadong lokasyon ng Seattle Center.
- Ang inyong pop-up ay nasa pagitan ng 40-90 minuto.

Pagpopondo

Maaari ninyong gamitin ang gawad na pondo para sa mga gastos na may kaugnayan sa pop-up, tulad ng: bayad sa alagad ng sining, marketing at pampromosyonal na bayad, pamamahala ng proyekto, gastos sa tauhan, mga suplay, renta ng mga kagamitan o iba pang gastos na may

kaugnayan sa produksiyon, kinakailangang seguro, at hanggang 10% para sa mga gastos na may kaugnayan sa pagkain. Maaaring payagan ang mga karagdagang gastos kapag may paunang pag-apruba ng tagapamahala ng proyekto sa gawad.

Ang mga pondo mula sa gawad na ito ay hindi maaaring isama sa ibang mga pinagkukunang pagpopondo ng Lungsod gayundin sa mga pondong sumusuporta sa ibang kaganapan sa Seattle Center (hal. Festál, Folklife, atbp.). Ang mga aplikante ay hindi pinapayagang mapondohan ng Lungsod ng Seattle para sa parehong proyekto/pop-up nang dalawang beses.

Maaaring mag-aplay ang mga aplikante sa mga sumusunod na antas ng pagpopondo:

- \$2,000 gawad (karaniwang 1-2 magtatanghal), at dagdag na \$750 in-kind na suporta sa produksiyon mula sa Seattle Center
- \$4,000 gawad (karaniwang 3-5 magtatanghal), at dagdag na \$1,360 in-kind na suporta sa produksiyon mula sa Seattle Center
- \$6,000 gawad (karaniwang 6+ magtatanghal), at dagdag na \$1,800 in-kind na suporta sa produksiyon mula sa Seattle Center

Mga Sesyon ng Impormasyon

Matuto ng higit pa tungkol sa programa at kung paano isumite ang inyong pinakamahusay na aplikasyon.

Ika-1 Sesyon ng Impormasyon (Hybrid)

Huwebes, Mayo 22, 4:00 - 5:20 p.m. (Pasipiko)

Sa Personal: Seattle Center Armory, Room 301

Virtual: Webex

[RSVP](#)

Ika-2 Sesyon ng Impormasyon (Hybrid)

Huwebes, Hunyo 3, 10:00 - 11:20 a.m. (Pasipiko)

Sa Personal: Seattle Center Armory, Room 301

Virtual: Webex

[RSVP](#)